Bin-i Presents

# Victoria Purgatoryo




Victoria
Purgatoryo

*Bin-i presents*

# Victoria Purgatoryo

Tomo XI, Blg. 1
Reserbado ng lahat ng karapatan
© 2019
Ang Bin-i ay ang opisyal na aklat pampamitikan ng
Golden Harvest, ang opisyal na pahayagan
ng mga mag-aaral ng Tarlac Agricultural
University, Camiling Tarlac

Walang anumang bahagi ng aklat na ito ang maaring
sipiin o gamitin sa anumang anyo at pamamaraan nang
walang nakasulat na pahintulot mula sa may akda.

# MGA NILALAMAN

Kabanata 1 - 8-14
Kabanata 2 - 18-24
Kabanata 3 - 28-34



Kabanata 4 - 38-45
Kabanata 5 - 48-54
Kabanata 6 - 58-65

Ang nilalaman ng aklat pampanitikang
ito ay hindi totoo at kathang-isip lamang.
Ang anumang pagkakatulad nito sa pangalan,
luga, pangyayari o panahon sa tunay na buhay,
ay nagkataon lamang at hindi sinasadya.

Hayaan mo kaming mangahas na buksan ang natutulog mong kamalayan, kasabay ng iyong pagbuklat sa bawat pahina nitong aming obra. Pasukin mo ang mundong niyapos ng karahasan at niyakap ng mapanghusgang lipunan. Humanda kayong mandiri, mainis, matakot, at madala sa kuwento ng pagbangon at pakikipaglaban sa likod ng pang-aapi ng mapagsamantalang mundo. Tunghayan ang kuwentong maglalahad ng paninindigan para sa sa isang marupok ngunit magandang katauhan.

~Marc Justin Cutamora,
*Punong Dibuhista*

Ang iyong mga mata'y buksan ng sa gayo'y mamulat ka sa katotohanan, ang dala ng pita ng laman na nag papaita ng kamuduhan. Huwag mo ng pigilan ang iyong sarili na makita and itinatagong anyo ng tunay na mundo. Gisingin mo ang iyong atutulog na kaluluwa sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang obra na mag bubukas sa iyong mga nakasaraong mata, puso't isipan sa kung pano nga ba tumatakbo ang mundo sa paglipas ng panahon. Hayaan mong madama ng iyong puso ang mg makabagbag damdamin na iyong maaring maramdaman sa iyong patuloy na pag bubuklat at pagbabasa sa bawat naka tipang salita sa bawat pahina. Inaanyayahan kitang subaybayan ang natatanging istorya ni Victoria.


~Gabriel Vincent P. Abarra,
*Punong patnugot pantalatag*

Totoo nga ba ang Purgatoryo? Kung totoo man, saan kaya natin ito matatagpuan? Pagkatapos nga ba ng buhay na ito? O baka naman nandito na tayo mismo ngayon? Oo, baka ito na nga iyon. Itong lipunang bumabalangkas sa iba't-ibang anyo, hugis at uri ng mga dahas. Nakaririmarim. Nakasusulasok. Sa aklat-pampanitikang ito ay matapang naming binuo ang isang kuwentong hinggil sa isang isyung tumatalakay sa mga taong hindi natin pinatutuunan ng pansin. Mga biktima ng karahasan ng panghuhusga. Mga taong 'di natin kilala ngunit kung husgahan nati'y tila ba batid natin ang mga tunay nilang pinagdadaanan. Sino sila? Halika't basahin mo ang kuwento ni Victoria.

~Jhun Jhun Agustin,
*Punong Patnugot*

Sa bawat pagtapak mo sa lupa ay para ka na ring gumagawa ng isang malaking kahong pupunuin nila ng panghuhusga at paninira. Ito ng mundong tinitirahan ng mga taong mas masahol pa sa balat-kayo kung umasta, daig pa si Cristo kung humusga, mas manakmamatay pa sa kutsilyo kung magsalita. Ngayo'y sabay-sabay nating subaybayan ang istoryang sasalamin sa kung paano ituring ng isang mangmang na lipunan ang mga taong may kakaibang kondisyon. Ito ang panahon kung saan malaya kang mamili ng iyong kasarian, ngunit paano kaya ang mga tulad nila?

~Jizabeth C. Briones,
*Punong Pamanitikan*



# "SER! SER! Si Victor yun oh!"

*CAMILING, TARLAC*

Marahan ngunit mabilis siyang lumakad patungo sa may bintana ng kwarto, at maingat na hinawi ang halatang matagal nang nakasabit na berdeng kurtina na kumukupas na

Sa pagsilip ni Aling Pinang ay tumambad sa mga mata niyang puno ng pag-aalala ang apat na kalalakihang nakauniporme ng kulay asul. Ang isa sa mga lalaki'y mataba na may pagkakahawig kay Dagul ng Goin' Bulilit na abala sa kanyang cellphone. Ang isa nama'y pinampapaypay ang kanyang itim na sombrero gawa ng maalinsangang panahon. At may dalawang iba pa, na nakahawak sa kanilang baril na nakasabit sa kanilang mga baywang habang nakasandal sa hawakan ng hagdan.

Sa baba ng hagda'y may anim na asong tumatahol na para bang ngayon lang nakakita ng mga pulis. Andoon din sa baba ang nakiki-osyosong mga kapit-bahay na pinangungunahan nina Aling Dory na iniwan ang kanyang talipapa sa harapan ng kanilang kubo, at Aling Lolit na pulang-pula ang mga labi habang karga-karga pa ang bagong-gising na apong si Janjan.

Muling lumapit sa Aling Pinang kay Victoria. Hinawakan nito ang pawisang mga kamay ng anak saka inilapit sa kanyang dibdib.

"*Victor Sumpan*, may nakapag-sabi sa'min na nandiyan ka raw sa loob ng inyong bahay ngayon. Kung totoo man ay may dala kaming Warrant of Arrest para huliin ka sa kasong pagpatay. Sumuko ka nang maayos kung ayaw mong daanin namin ito sa ibang paraan!" sigaw ng isang matabang pulis na kumatok sa pintuan ng bahay ng pamilya Sumpan.

Nanlaki ang mga mata ni Victoria. Lumuwag ang mahigpit na pagkakayakap ng mag-ina.

"Inuulit ko Mr. Victor Sumpan, inaaresto ka namin nang maayos, at sa presinto na tayo mag-usap," sigaw muli ng matabang pulis na napapakamot na sa malaki niyang tiyan.

Nagkatinginan ang mag-inang hindi na alam ang gagawin habang tila napako na ang kanilang mga paa sa bagong-walis lamang na sementadong sahig. Nagmistulang pipi si Victoria dahil hindi nito alam ang sasabihin. Ni hindi siya makabuo ng kahit isang salitang bibigkasin. Hindi na rin maramdaman ni Aling Pinang ang panginginig ng anak dahil maging siya ay nanginginig na rin, ngunit nababasa niya ang

Biglang binitawan ni Aling Pinang ang mahigpit nitong hawak sa magkabilang braso ni Victoria.

Dali-daling bumaba ang apat na pulis upang habulin si Victoria na bigla na lang naglaho sa mga mata ng lahat. Sa tulin ng pagtakbo nito'y hindi na napansin pa ng mga manunuod ng mala-pelikulang eksena kung saang eskinita siya sumuot.

Sa dami ng eskinitang maaaring lusutan ni Victoria, kinailangan ng mga pulis na maghiwa-hiwalay. Hindi nagpatalo ang mga tulisan. Sige lang sa pagtakbo nang matulin kahit hindi nila alam kung nassan na ang hinahabol nila. Habang ng matabang pulis naman na hindi pa man naklalayo ay pagod na, kaya't tumigil na lang ito at tumawag ng back-up.

Mabilis ng mga pangyayari. Nagsunod-sunod ang putok ng baril ilang minuto pa lang nag nakalilipas. Nagkagulo na sa paligid, nagsigawan na ang mga kapit-bahay at nagsiiyakan na ang mga bata. Naghalo-halo na ang ingay habang. Sumabay pa ingay ang mga asong tahol nang tahol. Dumating na rin ang mga Baranggay tanod na nakasuot ng maong na pantalon at nakauniporme pa ng berdeng T-shirt na may naksaluat na "TANOD" sa likod, dala-dala ang ang kanilang mga batuta.

"Ser ingat kayo sa pagpapaputok ng baril, maraming mga bata rito sa'amin." sigaw ng ilan sa mga nagtakbuhan na.

Sa kabilang banda, ligtas pa rin si Victoria matapos siyang paputukan ng baril nang makita siya sa bubungan ng isang bahay. Buong tulin pa rin ang pagtakbo niya sa masikip na eskinita ng kanilang baranggay kahit batid niyang wala nang sumusunod sa kaniya. Sa husay ba naman niyang magtago sa mga pulis ay talagang kayang-kaya niyang takasan ang mga 'yun.

Nang nakaramdam na siya ng pagod, yumuko siya at pinagmasdan ang mga namamanhid at nanginginig niyang mga paa. Sandali siyang tumigil habang hinahabol ang pag-hinga sabay punas sa noo at ilong na pawisan.

“Anak sumuko ka na sa mga pulis. Ito na ang pinakamainam na solusyon para makaiwas ka sa gulo. Kung wala kang kasalanan, ilalaban natin ‘to. Alam kong may awa ang Panginoong Diyos. Hindi ka Niya pababayaan. Hayaan mo’t gagawin ko ang makakaya ko para maging maayos ang lahat,” pakiusap ng inang maluha-luha na.

“Ma, hindi! Mamamatay ako sa loob ng kulungan. Please Ma itago mo ako,” ang natatarantang pagtutol ni Victoria sa pakiusap ng ina.

Umikot-ikot si Victoria sa malawak na espasyo ng kanyang kwarto habang pinipilipit ang kanyang mga daliri, naghahanap ng matataguan. Halos tumalon siya sa kaba at kawalan ng pagkakataon para tumakas. “Ma, paano ako makakakatakas, tulungan mo ako Ma!” mangiyak-ngiyak nitong pakiusap sa ina.

“Huling warning na po ito sa mga nasa loob ng bahay na ito. Hayaan niyo po kaming huliin si Mr. Victor Sumpan. Kung hindi, mapipilitan po kaming pasukin kayo diyan,” muling sigaw ng parehong pulis habang kinakalampag ang gawa sa kahoy na pintuan ng bahay.

Wala pang isang minuto’y pwersahang binuksan ang pintuan. Pagkarinig ni Victoria ni Victoria sa kalabog, dinampot niya sombrero niyang nakapatong sa kama. Pagkadampot ay kumaripas siya at tumalon mula sa bintana ng kwarto. “Anak saan ka pupunta?” sigaw ni Aling Pinang ngunit hindi na siya pinansin ng anak. “Ser! Ser! Si Victor yun oh!” sigaw ni Aling Dory nang makita nitong tumalon si Victoria na noo’y nakasumbrero na. “Ser! Ser! Dadiyay isuna ne! Pardasam Ser, napan isuna idiyay kanneged” muling sigaw niya habang halos mapunit na ang kanyang mga bibig sa pagtawag sa mga mamang pulis.

# Sumpa sa Gabi Ni Unggoy

**Sindi**
**Sundot**

**Subo**
**Sisid**

**Sakit**
**Sakay**

**Sagad**
**Sarap**

**Silakbo**
**Sirit**



Aktong tatakbo na siyang muli nang nakita niya ang palikuran ng barangay sa gawing kanan na sa amoy at hitsura pa lang ay halatang di na nalilinisan nang maayos. Pumasok siya doon at hindi niya inalinta ang mga t*e at uod na nagkalat sa sahig. Nagtakip siya ng ilong at saka umupo sa naninilaw nang bowl saka inunat ang mga paa.

Matapos makapagpahinga'y tumayo siya't sumilip sa labas. Nang mapansin niyang tahimik sa paligid ay alerto siyang lumabas, ngunit may-maya'y natanaw niya sa di kalayuan ang mga pulis na malamang sa malamang ay ang mga humahabol sa kanya. Muling tumakbo ang ngayo'y mas matulin na namang Victoria. Nakita siya ng mga pulis saka pinaulanan ng bala. At oo, ni isa ay walng tumama sa kanya.

Tuloy pa rin ang pakikipaghabulan ni Victoria sa mga tulisan hanggang sa narating niya ang dulo ng eskinita na wala na ibang lalabasang daan dahil ilog na sa kabilang bakod. Sa dulo'y may pader na nagsisilbing harang ng baranggay kapag tumataas ang tubig. Wala na siyang ibang pagpipilian kundi akyatin iyon at tumalon sa ilog.

Inakyat niya ang pader na mga dalawang metro ang taas. Mula doon ay pinagmasdan niya ang ilog, tila ba hinahanap niya ang pinakamababaw na parteng maari niyang talunan. Hindi niya malaman ang gagawin. Papalapit na ang mga pulis na sinusundan pa ng mga tanod. Akmang bubuntin niya ang tinatago niyang baril nang biglang tatlong sunod-sunod na putok ang narinig. Tumalsik ang mga patak ng dugo mula sa kanyang ulo, hanggang halos makulayan ng pulang likido ang kanyang mahabang buhok.

# PATAY NA BA? OO BUHAY PA

By Unggoy

**Malansa na si Lala.**
**Malala na ang karamdaman niya.**

**Suklay Lala, suklay!**
**Suklayin ang buhok na nakalugay!**

**Maya-maya'y may nahulog**
**"Doc ang tainga ko nahulog!"**







"Wag ka na tumanggi, bayad ka na!"

*(Quezon City)*

*************PLASHBAK*****************

Gabing puro hiyawan at tawanang puno ng pagnanasa lamang ang maririnig. Halos hindi pumipikit o kumukurap man lang ng mga kalalakihang iyon. Ni hindi nila magawang lumingon sa kanilang mga katabi. Saksi sa lahat ang mga patay-sinding ilaw na nagbibigay ng kaunting liwanag sa loob ng kabaret.

Sentro ng atensiyon ng lahat si Victoria, na sa mag oras na iyon ay dahan-dahang gumigiling sa isang maiit na entablado. Suot niya ang isang itim na sapatos na hanggang tuhod ang haba, at mga maiikling tela na tumatakip sa maseselang bahagi ng kanyang katawan.

Nasobrahan man sa kolorete ang kanyang mukha, hindi pa rin maitatanggi ang mala-anghel niyang ganda. Sa tuwing tumatapat sa kaniya ang mga ilaw, nangingibabaw ang mala-porselana niyang kutis. Kapansin-pansin din ang mapuputi niyang mga ngipin at matangos na ilong.

Patuloy lang sa paggiling ang buong katawan ni Victoria. Sinasabayan niya ang bawat kumpas ng musikang nagpapainit sa gabi ng mga matatandang parokyano at mga negosyanteng nakasanayan nang magtipon-tipong sa lugar na iyon sa parehong oras.

Mariing hinihimas ni Victoria ang kanyang mga mahahabang hita habang dahan-dahang hinahaplos ang pawisan niyang leeg. Hinahawi niya ang kanyang nakalugay na mga hibla ng kanyang buhok na dumidikit sa pawisan niyang batok at mga balikat.

Pilit siyang ngumingiti habang patuloy na ikinukubli ng gabi ang mga luhang namumuo at nais nang bumagsak.

"Victor! Anak ko! Anong ginawa niyo sa anak ko??? Anak ko!" sigaw ni aling Pinang na tumatakbo papunta sa mga pulis.

Pinilit pa rin ng papatumba nang si Victoria na lumingon sa likod. Nanlalabo na ang kanyang paningin ngunit nakikita niya pa rin ang mga nakiki-osyosong residenteng nagkukumpulan habang pinagmamasadan siya. Ang iba'y nakadungaw pa mula sa bintana ng mga bahay na kahit 'di pa tapos ipatayo ay tinir'han na.

Ang pumukaw nang kanyang atensiyon ay ang kanyang ina na sa mga oras na iyon ay umiiyak at hinahampas ng tsineslas ang mga pulis habang hinihila siya ng dalawang tanod. Nakaririnig pa siya ng mga ingay subalit di na niya maintinidhan ang mga ito.

Muli ay buong lakas niyang kinapa ang kanyang baywang upang hugutin ang kanyang nakatagong baril. Hindi pa man niya ito nahuhugot ay muli siyang binaril sa dibdib ng isa sa mga pulis na umakyat na rin sa pader.

Tumalsik na sa ilog ang mas marami pang dugo ni Victoria. Pumatak na rin pader ang madulas na dugong tumulo mula sa kanyang mga bibig. Tuluyan na siyang nawalan ng paningin habang naririnig  pa rin ang sigawan ng mga tao.

Babagsak na siya sa kailaliman ng ilog nang 'di niya alam. At noo'y wala na siyang ibang magawa kundi sariwain ang mga pinagdaanan niya sa buhay. Muli niyang narinig at naalala ang mga matatalim na salita na sumugat ng kanyang puso. Bakla! Salot! Abnormal! Engkanto!

“Ano na? naghihintay yun oh! Puntahan mo na. ‘Wag ka na tumanggi, bayad ka na!” muling sabi ng matanda na tumalsik pa ang laway.

Hindi na nakapagsalita pa si Victoria at hindi niya alam kung bakit parang kusang lumakad ang kanyang mga paa papunta sa costumer, na sumalubong naman sa kanya na para bang isang sanggol na sabik yumakap sa ina.

Malakas ang pagkabog ng dibdib ni Victoria. Alam niyang kailangan niyang pigilan ang sarili dahil walang kahit na sinuman sa loob ng bahay-aliwan na iyon ang dapat makaalam ng pinkatago-tago niyang sekreto. Subalit tila ba hindi niya malabanan nag pagkasilaw niya sa laki ng maari niyang kitain sa gabing iyon.

Haplos sa hita. Halik sa leeg. Himas sa puw*t. Halos magkapalit na ng mukha sina Victoria at ng Kanong nagpakilalang Justin. Hindi na rin makahinga si Victoriang na ‘di maipinta ang mukha habang pinapainit ang gabi ng Kano sa loob ng maliit na opisina ni Mama Vyna.

Sige lang sa paghaplos ang Kano hanggang sa napabalikwas ito at itinulak si Victoria nang malakas dahilan upang tumama ito sa maliit na mesa : “What the F*ck! Jezz! Are you gay?”

“What the hell! I’m payin’ here, and you guys give me a gay dancer?” Galit na sng mesa ni Mama Vyna. Nilapitan siya ng kano, na nakahanda na ang kamaong susuntok sa kanya. Ngunit bago pa man siya masuntok nito ay dinampot niya ang malaking pasong may nakatatak na “Yogyokarta” na nakapatong sa mesa. Hinampas niya ito sa Kano dahilan upang mapaatras ito.

***

Iyon ang unang gabi ni Victoria sa bar. Dati ay service crew siya siya sa isang sikat na kainan sa Makati, nagunit natapos na ang anim na buwan iyang kontrata doon.

Dahil na rin sa kagustuhan niyang kumita, tinanggap niya ang alok ni Mama Vyna, ang matandang nagmamay-ari sa cabaret, na sumayaw siya para sa mga big time na costumer. Batid rin niya na bukod sa pagsasayaw, pinipilit din ang mga dancer na magbigay nga panandaliang kaligayahan sa mga kostumer na na nag-aalok ng malaking halaga.

Labag man sa kanyang kalooban ay nakatitiyak si Victoria na malaki ang kikitain niya roon, lalo pa't nakikita niyang malaki ang mga naipatayong bahay ni Mama Vyna sa harapan ng inuupahan niyang maliit na kwarto. Bukod doon ay magagara rin ang mga sasakyang ginagamit ng matanda kapag lumalabas sila ng mga binatang pineprehan lang siya.

***

"Go baby, sige pa, lambutan mo pa baby! Hahaha!" Sigaw ng mga costumer kay Victoria.

Lalo namang ginagalingan ni Victoria ang pagsayaw dahil alam niyang mas nasisisyahan pa ang mga iyon sa kanyang ginagawa.

Mamaya- maya'y umakyat na rin ang isa pang dancer na may parehong suot, hudyat na tapos na ang trabaho ni Victoria.

***

"Oh 'yan kinse mil! Gagawin kong trenta yan kung pagbibigyan mo 'yung Kano. 'Yun oh kanina pa naghihintay sayo" mataray na sabi Mama Vyna sabay nguso dun sa matabang Amerikanong mga nasa 60 anyos na ang edad.

Hindi umimik si Victoria nang ilang sandali.

# Turok

Ni Jhunggoy

**Ang dibdib na**
**umumbok**
**Ay unti-unting**
**nabubulok**


**Ang puwetang**
**malulusog**
**Unti-unting naging**
**mabilog**

**Ang pisnging**
**pinalinis**
**Kalauna'y sumobra**
**ang hugis**


Sa lakas ng hampas ay nagkapira-piraso ang paso. Biglang nagdilim ang paningin ni Victoria lalo pa't narinig na naman niya ang mga salitang ayaw na ayaw niyang marining, na bakla siya. Pinulot niya ang isang basag na pirasong patulis ang gilid. Lumapit siya sa Kanong nakahawak pa rin sa duguang mukha at walang anu-ano'y itinusok niya sa kanang mata ng banyaga ang piraso ng paso.

Bago pa sumilip ang araw, dumating ang mga pulis sa crime scene matapos silang tawagan ng kasama ng Kano nang mapagtanto niyang nawawala na ito. Nahuli ang mga nagtatrabaho sa Cabaret kasama na rin si Mama Vyna. Sa opisina ng matanda'y walang inabutan ang mga nagimbestiga kundi ang ang duguang mga gamit at isang buong matabang braso na wala nang hinliliit.

Idineklarang supek si Victoria na sa mga oras na iyon ay hindi na mahanap. Wala na rin siya sa inuupahan niyang kwarto.



Kung 'di malaya ng
nakapipili ang isang
Adan na maging kikay



# ANG NAKATAGONG KALAYAAN

By Unggoy

Ang malayang bayan ay

hindi malayang tunay



"TUMAYO KA NA DÍYAN AT PATAYÍN MO NA"

*(Bulacan)*

Sa may pintuan ng banyo ay nakasabit ang pantalon at polo ni Ramon na bagong plantsa, at nakapatong sa mesa ang nakakasaksak pa ring plantsa.

Bumagon siya muli at niyakap niya ang kanyang mga tuhod habang iniikot  ang paningin sa boung kwarto. Kung pagmamasdan ang kabuuan ng silid, aakalin mong malawak ito. Pero ang totoo, malawak lang ito dahil walang kagamit-gamit sa loob, bukod doon sa isang maliit na mesang gawang-kahoy, isang maduming salamin na nakasabit sa pader at isang pulang upuan kung saan nakapatong ang kanyang mga bag.

Tatlong linggo na rin magmula nang lumipat siya matapos niyang mapatay ang Amerikano sa Cabaret. Inuusig na siya ng kanyang konsensya pero maging siya ay hindi niya maipaliwanag ang kasiyahan sa kanyang puso nang magawa niya iyon. Pakiramdam niya'y nakabawi siya sa lahat ng ginawang pangungutiya sa kanya ng ibang tao tungkol sa kanyang kasarian.

Sa sahig ay nakakalat na naman ang kanyang pitaka. Alam niyang puro papel at card na lang ang laman nito. Malamang ay nasa bulsa na lahat ni Ramon ang mga kinita niya mula sa pagbo-blog noong nakaraang Linggo.

Bigla niyang naalala ang pag-aaway nila ni Ramon kagabi nang tumaggi siyang magbigay ng pera. Naalala niya ang mga salitang sinabi nito sa kanya: "Huwag mo akong pagdamutan dahil ako na alng ang nagtititis na makasama ka. Tingnan mo nga 'yang sarili mo? Nakakdiri ka. Walang magmamahal sa'yo. Sa tingin mo, sino'ng bobo ang makakaisip na pagtiisan ka? Eh kung wala kang pera, lalayuan na kitang p*tang inang engkanto ka eh! Tapos mamaya, gusto mo sasamahan na naman kita diyan sa kama mo! Lintik! Dalawang libo lang di mo pa maibigay!"

“Salbahe ka anak! Bakit mo naman pinatay ‘yung Amerikano na nakilala mo doon sa Maynila noong nakaraan?” Tanong ni Aling Pinang.

“Eh nagdilim paningin ko Ma eh. Pero sa tingin mo ba Ma, mapapatawad pa kaya akong ng Diyos sa ginawa ko?” tugon ni Victoria.

“Oo naman anak, basta ba’t pumatay ka ng isa pa. Patayin mo na ang unang lalaking makikita mo sa araw na’to. Panigurado matutuwa sayo ang Panginoon. Oh heto, kunin mo ‘tong kutsilyong ‘to. Binasbasan ‘to ng mga anghel. ‘Yan ang gagamitin mo sa pagpatay.” Sagot ni Aling Pinang sabay abot sa anak ang isang kutsilyong sa paningin ni Victoria’y kumikislap pa sa talim.

Aabutin na sana ito ni Victoria nang biglang isinaksak sa kanya ni Aling Pinang ang kutsilyo.

“Ma. Huwag po!” sigaw nito.

Napabangon ang pawisang si Victoria. Nanginginig. Pagod. Nanlalaki ang mga mata. Takot na takot dahil hindi niya mawari ang ibig ipahiwatig ng panaginip na iyon.

Tahimik lang siya habang yakap-yakap ang kanyang mga siko. Pinapakinggan niya ang tahimik na ingay ng paligid habang iniisip pa rin ang misteryoso niyang panaginip.

Sa pagkakaupo ay lumipat ng puwesto si Victoria para iwasan ang sinag ng araw na sumisilip mula sa nakabukas bintana. Huminga nang malalim at saka humiga nang patagilid, at doon niya napagtantong hubo’t-hubad pala siya. Sa katahimikan kanyang umaga ay naririnig niyang may naliligo sa banyo, kanyang kasintahang si Ramon.

Pinagmasdan ang sarili at nakakita siya ng isang naktatakot na imahe ng engkantong may malaking na taingang, maitim at makapal na buhok, nanlilisik na mga mata, kulay uling na mga labi at mukha na tatlo ang sungay sa noo. Galit na galit siya sa nakita niya kaya't binasag niya ang salamin gamit ang kanyang kamao. Nagsilaglagan ang mga piraso ng salamin. Di niya inalintana ang duguan kamay. Dumampot siya ng isang piraso at kinuha ang plantsa.

Tinago niya sa kanyang likod ang kamay na nakahawak ng plantsa at piraso ng salamin. Hinawi niya ang kurtinang nagsisilbing takip ng banyo. Tumambad sa kanya ang hubo't hubad at naliligong si Ramon.

"Ano ba yan! Alam mo na ngang may naliligo papasok-pasok ka pa. Mag-short ka nga du'n! Nakakadiri 'yang ari mo!" galit na sabi ni Ramon.

Hindi umimik si Victoria. Sa talim pa lang tingin ng kanyang tingin ay pinapatay na niya si Ramon. Dahan-dahang siyang lumakad papalapit kay Ramon na sa mga oras na iyon ay nakaramadam na nang kaba lalo na nang makita niya'ng may pumapatak na dugo na mula sa kamay ni Victoria.

Bigla niyang siniil ng hinalikan si Ramon na hindi na rin nagreklamo pa. Sa paghihiwalay ng kanilang mga labi ay nagtitigan lamang sila, hanggang sa bigla na lamang idinikit ni Victoria ang  plantsa sa ari ni Ramon.

Napasigaw ang lalaki na halos maging kulay pula na ang buong katawan dahil sa pagsigaw. At sa pagkakataong iyon ay boung lakas na inihampas ni Victoria sa kanyang mukha ang plantsa, dahilan upang mawalan ito na ng malay at bumagsak sa sahig.

Alam ni Victoria na may tatlong anak si Ramon sa kinakasama niya. Tubong Bulacan din si Ramon. May trabaho ito ngunit pinambabae lang niya ang kaniyang sahod at sa tuwing mangangailangan ng pera para sa pamilya ay personal niyang pinupuntahan si Victoria sa Maynila.

Nakatulala lang si Victoria hanggang sa muli niyang naalala ang sinabi ng kanyang ina sa panapaginip: "Patayin mo na ang unang lalaking makikita mo sa araw na'to."
Paulit-ulit niyang sinariwa ang pangungusap na iyon hanggang sa nakarinig na siya ng mga bulong na inuuli-ulit ang mga salitang iyon. Magkakaibang boses, matinis, malalim, mala-anghel, nakatatakot at tumatawang mga boses, ngunit iisa lang ang sinasabi: "Tumayo ka na diyan at patayin mo na". Palakas nang Palakas. Umiingay ng umiingay. Dumarami nang dumarami ang boses.

Napayuko at napatakip na lamang sa tainga si Victoria habang hindi malaman kung paano ipupuwesto ang katawan sa kama. Nagdodoble na rin ang kanyang paningin na para bang gumagalaw ang lahat ng mga bagay sa paligid niya. "Tama na! Tumigil na kayo! Ahhhhh!" bulong nito.

Nagdidilim na ang kanyang paningin hanggang marinig niya ang mga salitang: "engkanto lang ang tingin niya sayo, patayin mo na."

Napalingon siya sa salamin at ang umuusok na sa init na plantsa. Tumayo siya na parang gutom na leon. Tumingin sa paligid at saka lumapit sa salamin.

# LUSOT MO

By Gwapo

**Malinis na daliri,**

**Ipasok nang maigi.**

**Loob ang kalikutin.**

**Paikot-ikot. Masarap ring hugutin.**

**Kilalanin.**

**Kulangot ay kainin.**



Gamit ang piraso ng salamin ay ginilitan ni Victoria sa leeg ang walang malay na si Ramon. Pinagsasaksak rin niya ito sa tiyan hanggang sa pati ang kanyang kamay ay halos mapuno na rin nang sugat.

***

Matapos ang halos dalawang linggo, ang kalahating katawan ni Ramon, mula balakang hanggang ulo, ay natagpuang nakakakalat sa kama matapos magreklamo ang mga kapit-bahay dahil sa masangsang na amoy na nanggagaling sa loob ng kwarto. Sa ginawang operasyon ng mga pulis ay hindi nila natagpuan ang kalahati ng katawan nito.

At sa parehong kaso, muling kinilala si Victoria bilang salarin matapos ilarawan ng may-ari ng paupahang kwarto ang kaniyang hitsura kahit pa gumamit. At muli ay ‘di na rin nakita pa si Victoria sa lugar.



# Sorbetes

By Kulot-pukyutan

Dinilaan ko ang tuktok mo
Habang ika'y hawak ko
Nang may likidong umagos
sa kamay ko
Dinilaan ng paitaas, kasabay
ng pag-anas
Hmm. Ang sarap mo.


" Ano ba Victoria?
Si Victoria ka!
Si Victoria ka!"
Iba, Zambales

# KABANATA IV



At dahil ganoon din ang isinalaysay na kuwento ni Victoria kay Jinky, buong-puso siyang inalok nito ang kanyang bahay. May kalakihan ang bahay kahit dalawa lang ang kwarto, ngunit mas maayos na rin kumpara sa mga tinirhan ni Victoria dati.

Nagkakilala sina Victoria at jinky sa mismong parlor na pag-aari ni Jinky kung saan nagpa-ayos ng buhok si Victoria. Bagama't totoong pinalayas din si Victoria ng ama dahil sa kanyang kasarian, marami pa rin ang hindi niya nasabi tungkol sa kanyang buhay. Iniisip niyang malamang ay nakarating na rin sa Zambales ang tungkol sa pagiging wanted niya dahil sa pagpatay kay Ramon at sa Kano, kaya di siya nagbigay ng maraming detalye.

Naisipan niyang mag-paayos ng buhok para kahit papaano'y mag-iba ang kanyang hitsura dahil malamang ay pinakalat na ng mga otoridad ang kanyang mga larawan sa pamamagitan ng medya. Nagpakilala siya kay Jinky bilang isang babae sa pangalang Sha.

Ang naging usapan nina Jinky at Victoria ay tutulong sa gawaing bahay itong si Victoria dahil araw-araw ay bukas ang parlor ni Jinky, habang si Pia nama'y nag-aaral mula Martes hanggang Sabadao Pumayag sa Victoria sa usapan, ngunit nakisuap ito kay Jinky na hangga't maaari'y huwag na niyang ipagbigay-alam pa sa ibang tao na may pansamantala siyang pinatitira.

"Huwag kang mag-alala Sha, hindi naman ako kakandidato para pa ipaalam sa maraming tao na may tinutulungan ako.

"Oh *Carlo*, baka mag-pabayad ka sa bisita ni Mommy Jinky ah, 'wag mo'ng papatulan 'yun ah! Lulumpuhin kitang loko ka!'' bilin kay Carlo ng kasintahan niyang si Pia, ang 18 anyos na pamangkin ni Jinky.

Nakapikit pa si Victoria habang nakahiga sa sofa sa sala ngunit gising na ang diwa nito. Sinasabayan na lang niya ng ngiti ang usapan nina Pia at Carlo na kuamakain ng almusal sa hapagkainan.

"Huh? Bakit ako babayaran niyan Babe eh babae 'yan tsaka parang mabait naman si ate?" sagot ni Carlo

"Anong mabait? Tsaka anong ate?! Amoy na amoy kong bakla yan. Mukhang babae lang yan. Tsaka naka-pekpek shorts yan kagabi, bakat yung t*** niya. Di man lang nahiya. Akala mo kung sinong maganda eh isang baklang salot lang din naman pala." masungit na tugon ni Pia.

***

Pansamantalang pinatuloy ni Jinky si Victoria sa kanyang bahay dahil dalawa lang naman sila ng pamangking si Pia ang nakatira doon. Jinky ang pangalan niya dahil kahit bakla ito ay parang siya ang nawawalang kakambal ng asawa ng sikat na boksingerong si Pacman na si JinkY.

Magandang dalaga si Pia. Medyo may kalusugan ngunit may hugis ang katawan at medyo maliit ngunit lumilitaw ang pagkamestisa nito. si Jinky na ang tumayong magulang nito dahil anak siya ng disgrasyada niyang ina na kapatid rin ni Jinky.

Si Jinky naman ay natutong mabuhay nang mag-isa magmula nang itinakwil siya nang yumao na niyang ama.

Napatingin din sa Victoria sa may dibdib ng dalaga na halatang di na nakasuot ng bra. Napalunok si Victoria. Nanginginig. Bumibilis ang tibok ng puso. Sa unang pagkakataon ay nag-init ang kanyang katawan para sa isang babae, at sa mga oras na iyon ay hindi siya nagpapanggap dahil oo, totong tumaas ang libido niya kay Pia.

"Hoy! Ano'ng ginagawa mo dito?" gulat ng tanong ni Pia nang magising ito na halatang gulat na gulat dahil napabangon pa ito't napatakip ng katawan gamit ang unan. Halatang rin na natakot ang dalaga dahil sa kakaibang tingin ni Victoria sa kanya.

"Ah, eh, eh , eh kasi, ka-kasi tangahali na di ka pa, di ka pa bumabangon diyan." sagot ni Victoria na halatang natauhan at nagulat din sa kanyang sarili.

"Ah eh… hmm, sige bumangon ka  na riyan at mag-almusal ka na" dugtong niyang muli, sabay lakad palabas ng kwarto.

***

Nakatingalang sinasabon ni Victoria ang katawan. Tinititigan niya ang kisame ng banyo ngunit halatang malayo na ang nalipad ang kanyang isipan. Sige lang siya sa pagsabon. Sabon sa leeg at mga braso, kuskos sa dibdib at tiyan. Halos tunawin niya ang  buong sabon, hanggang sa makarating ang kaniyang mga kamay ka kanyang mga hita.

Bigla napunta ang kanyang imahinasyon sa mga hita ni Pia. Muli ay nag-init ang kanyang katawan lalo na nang sariwain niya ang hugis ng dalaga. Napapalunok ito sa kanyang naiisip. Hindi niya malaman kung bakit, ngunit parang sa mga oras na iyon ay nabuhay ang kanyang pagkalalaki.

‘Tsaka sanay na rin kasi akong mag-patuloy nang kung sinu-sino lang dito sa bahay para kahit papano’y may kasa-kasama naman kami ni Pia kahit sandali lang” sabi ni Jinky.

***

“Tok! Tok! Tok!”

“Pia bumangon ka na diyan, tanghali na!” malumanay ngunit malakas na sambit ni Victoria habang kinakatok ang natutulog pa lamang na si Pia .

“Hays. Ano ba naman ‘tong batang to, tangahali na eh!” bulong niya sa sarili niyang nagkakamot ng leeg habang humihikab.

“Tok! Tok! Tok!”

Dahil walang sumasagot, unti-unting binuksan ni Victoria pintong magaan ngunit maingay kapag binubuksan. Itinulak niya ito nang dahan dahan hanggang sa mag-kasiya ang kanyang ulo at makasilip sa loob. Tumabad sa kanya ang nasa kanan niyang  isang nakatalikod na aparador na humaharang sa sa malaking bahagi ng silid.

“Malaki naman pala ang kwarto nitong batang ‘to. Kaya pala sosyalin din kung kumilos.” bulong niya muli sa sarili.

Maya-maya’y, ipinasok na niya ang buong katawan sa pinto, saka marahan niya itong isinara para hindi magising ang humihilik pang si Pia. Parang isang magnanakaw kung humakbang si Victoria para sana patayin ang laptop na tumutugtog  pa at mga librong nakakalat sa mesa. Pero pumukaw ng kanyang atensiyon si Piang natutulog na nakasuot ng  maikling shorts. Napakalagkit ng kanyang tingin sa mga hita ng dalagang noo’y nakabukaka. Hindi masyadong maliwanang ang kuwarto ngunit ang mga maalindog at maputing katawan  ng dalaga ay nangingibabaw.

Maya-maya'y narinig ni niya ang tumutunog na telepono: "Hello Sir! Magandang umaga po. Ah eh may irereport ho sana kami," sabi ng lalaki sa loob ng kwarto. Mabilis na binuksan ni Victoria ang pinto at pumasok sa kwaro: "Ibaba mo 'yan tawag na 'yan!" sabi nito gamit ang buong-buong boses habang tinututok nito ang kutsilto kina Pia at Carlo! Mabilis siyang nakalapit sa kanila na hindi na nakapagsalita pa. Nanigas na lang sila sa pagkakaupo sa kama dahil sa gulat.

"Huwag Sha ibaba mo 'yan!" pakiusap ng umiiyak na si Pia. Agad pinatay ni Carlo ang tawag saka inilapag ang cellphone sa sahig.

Sa mga oras na iyon ay tila wala na sa sarili si Victoria. Galit na galit ang kanyang mga mata na para bang isang asong nakakita ng isa pang estrangherong aso.

"Tulong!!! Tulungan niyo kami!!!" sigaw ni Pia na umaasang may makaririnig nakapit bahay. Ngumiti lang si Victoria. Hangang sa wlang anu-ano'y pinag-sasaksak niya si Carlo. Tumalsik ang dugo sa mukha ni Pia. Napasigaw na lang ang nanginginig at umiiyak na dalaga sa nasaksihan.

Sa pagkagat ng dilim ay na-rekober and dalawang sunog na bangkay mula sa nasunog na bahay ni Jinky.

“Ano ba Victoria? Si Victoria ka! Si Victoria ka! Puwede bang tumigil ka na!? Niloloko mo na namanang sarili mo!” sambit nito sa sarili. Ngunit mukhang malakas ang gayumang dulot ng ganda ni Pia sa kanya.

“Ano ba Victoria! Tingnan mo nga ‘yang sarili mo, babaeng babae ka kaya puwede ba huwag kang nag-iisip ng ganyan!” muli nitong sabi sa sarili.

*****

Nakatapis lang ng tuwalyang lumabas si Victoria mula sa banyo. Gamit ang mga daliri ng kanyang mga paa, naglakad siya papuntang sala kung saan siya magbibihis dahil iyon na rin ang nagsisilbing kwarto niya.

Abala siyang nagpupunas ng mga paa nang makarinig siya ng mga nag-uusap  sa loob ng kwarto ni Pia. Napatigil siya. Di siya gumalaw. Ibinukang mabuti ang mga butas ng kanyang mga tainga upang mapakinggan ang usapan.

“Nakakatakot babe kung siya nga ‘yung Victoriang ‘yan. Hindi na kayo ligtas dito ni Mommy Jinky. Kailangan niyo na siyang palayasin” sabi ng lalaking nagsasalita.

Carlo, huwag ka ngang maingay. Nandiyan lang siya sa labas. Siguro’y kailangan na nating magtawag ng mga pulis, kaso ang iniisip ko paano kung hindi siya ‘yang nasa dyaryong ‘yan.” tugon naman ng babae sa loob.

“Malinaw na nga oh, siya ‘yan. ‘Di ka ba nagtatakang bigla na lang siyang dumating dito? Posible na dahil yan sa mga kaso niya sa Bulacan at Q.C..”

“ Kausapin ko  muna si Mommy Jinky para dito,”

Biglang tumahimik ang paligid. Tumigil ang pag-uusap. Patakbong lumakad si Victoria papunta sa kusina, at agad ay bumalik rin at pumuwesto sa may pintuan ng kwarto ni Pia.

# Katapusan ng Masaya

**Ang bawat sandali ay mahalaga,**
**Ang hinaharap ay nakawaglit muna**

**Sa mainit at maalikabok na kalsada**
**Ay syang huling araw nilang**
**magkakalarong magkakasama**




# Masayang Katapusan

Ni Gwapo

**Ang araw ay simple at masaya,**
**Mga batang pawisan sa  kalsada**

**Ngunit lingid sa kaalaman ng**
**mga musmos, Sa sandaling yon**
**galak nila'y ibinuhos**





# " Pinilit ko ang sarili kong maging "

*(Patungong Camiling)*



“Nga pala hija, ano’ng ginawa mo sa Zambales?” tanong ng matanda.

“Ah wala po ‘la, dumalaw lang po ako sa isang kaibigan ko doon”

“Kamusta na kaya ang Camiling no? Iba pa rin talaga kapag doon ka lumaki. Babalik at babalik ka talaga. Marami na akong napuntahang lugar. Nakapag-abroad na nga rin ako nang ilang beses, pero heto ako ngayon, 68 anyos na pero palagi pa ring dumadalaw roon. Maganda sana maglibot-libot kaso medyo mas maalinsangan na ngayon kumpara noong panahon namin.”

Walang tigil sa pagkuwento ang matanda. Gusto sanang umidlip ni Victoria ngunit nahihiya naman itong hindi pakinggan ang mga kuwento nito.

“Maganda ring magbuntis doon sa atin. ‘Yung mga matatanda sa’tin maraming alam na mga halamang gamot at may mga hilot din na magagaling. Kaya ikaw hija pag nabuntis ka, sabihin mo du’n sa asawa mo na umuwi ka ng Camiling. ‘Tsaka marami rin libreng programa dun para sa mga buntis.” Pinipilit ngumiti ng mga labi ni Victoria sa sinabing iyon nang matanda.

“Oh may nobyo ka na ba? Eh kung mag-nonobyo ka, sa Camiling mo na rin hanapin. Huwag ka nang lumayo. Mahirap ‘yun. Tingnan mo ako, nakapag-asawa ng taga-Zambales at siya lagi ang nasusunod noon kaya doon kami sa Cabanatuan nagtayo ng pamilya, pero noong pinagbuntis ko mga anak namin, sabi ko doon ako sa Camiling. Hahaha!”

Tumatango na lang si Victoria. Nakikitawa kapag tumatawa ang matanda kahit wala namang nakakatawa sa mga kuwento niya.

"*Hija,* Hija*!*" bulong ng matandang babaeng kumakalabit sa katabi niyang si Victoria na naksuot ng face mask.

Napaangat ang ulo ni Victoria na sa mga oras na iyo'y nakasandal sa bintana ng bus. Nakakunot pa ang noo nitong lumingon sa matandang pinaghalong puti at itim ang kulay ng buhok.

"Pasensya na hija, pero limang beses na kasing nagpabalik-balik yaong konduktor dito para singilin ka pero nahihiya siyang gisingin ka. Mukhang kulang ka sa tulog ah!?" nakangiting sinabi ng matanda na para bang komportableng-komportable sa pakikipag-usap sa mga taong 'di niya kilala.

"Oooooosht! Hijo gising na tong katabi ko," pagtawag ng matanda sa konduktor. Pagkalapit ng konduktor ay agad namang iniabot ni Victoria ang limang daang piso: "Camiling!"

"Taga-Camiling ka hija?" gulat na tanong matanda.

"Ah opo," sagot naman ni Victoria.

"Aba'y taga doon din ako. Ayna ket ammom met garud iti ag-Ilocano balasang?"

"Wen apong ta dadiyay papak ket taga-iddiay talaga. Eh saan po kayo banda du'n?"

"Adayo ti barrio mi balasang ko, pa-bundok'en. Kayo, siguro malapit kayo sa bayan no?" tugon nang matanda, tumango naman si Victoria.

Halos makuwento lahat ng matanda kay Victoria ang naging buhay niya sa bayan ng Camiling. Mula sa kasaysayan ng pulitika hanggang sa mga mga kuwentong kababalaghan sa bayan ay naidetalye niya nang may kasama pang mga aksiyon.

Kung iisipin natin, parang ginagamit lang tayo ng mga tatay natin para may maipagmayabang sila, o kaya para maabot natin ang mga di nila naaabot noong kabataan nila. Pero hangga't malinis at marangal ang gusto nila para sa atin, subukan nating abutin 'yun bilang sukli ng mga sakripisyo nila para sa atin."

"Maiintindihan mo 'to lahat hija kapag nakapag-asawa ka na. Kumusta ba ka'yo ng papa mo?" napabuntong hininga si Victoria sa tanong ng matanda.

"Sa totoo lang po, may hindi kami pagkakaintindihan. Sinubukan ko naman po'ng sundin ang gusto niya pero sadyang di ko talaga kaya." nakayukong sagot nito.

"Pinilit ko ang sarili kong maging" napatigil sa pagsasalita si Victoria nang nagsalita ang konduktor :"Oh sa mga tulay ng Camiling diyan, andito na po tayo!"

Napadungaw si Victoria sa bintana. Nakita niya ang ilog kung saan lagi siyang tumatambay sa tuwing nahihrapan na siya sa bigat ng mga dinadala niya sa buhay. "Oh 'la, bababa na ho ako rito. Maraming salamat po sa mga naibahagi niyo sa'kin. Mag-iingat po kayo!". Sa kanyang pagbaba mula sa bus ay dumungaw sa bintana ang matanda at pinabaunan siya nito ng isang matamis na ngiti.

*****

Umupo si Victoria na parang isang bisita sa sarili nilang pamamahay na higit dalawang taon rin niyang hindi inuwian. Walang tao sa loob dahil namamalengke si Aling Pinang sa mga ganoong oras. May nagsusunog ng mga basura sa likod ng bahay na maaaring si Mang Kiko, ang kanyang ama. Humiga siya sa pahabang upuan, iniikot-ikot ang paningin hanggang sa makatulog.

Pakiramdam niya'y wala siyang karapatang magsalita dahil sa dami ng mga karanasan ng matanda. Para bang ang gagawin lamang talaga niya ay makinig lalo na't mas maraming alam ang matanda kumpara sa kanya.

"Pero alam mo, maganda mag-asawa. Yung asawa ko, kahit sing-itim 'yun ng uling, marami akong napagtanto sa pagsasama namin nang ilang taon. Mas naintindihan ko kung bakit ganoon ang aking tatang sa akin noon." Napalingon si Victoria sa matanda na para bang intersadong intersado siya sa ikukuwento ng nito.

"Noong kabataan ko, naiinis ako sa tatang ko. Gusto niya kasi maging nars ako kasi 'yung pinsan ko, nagtapos ng nars sa Maynila. Eh wala, mas gusto kong magtrabaho eh. Gusto ko pera agad. Bakit ka pa magpapakasasa sa pag-aaral kung puwede ka namang kumita agad 'di ba?" Pinagmamasdan lang ni Victoria ang bibig ng matanda.

"Walang nagawa ang tatang ko. Nagtrabaho ako hanggang sa nakapag-asawa ako. Noong ililibing na siya noong namatay siya, halos sumakay ako sa kabaong niya dahil hindi ako nakahingi ng tawad."

"Gan'ung-gan'un ang asawa ko sa mga anak namin. Pinilit niyang bigyang direksiyon ang buhay nila kaya ngayon ay maayos na rin ang kanilang kalagayan. 'Yung panganay ko nga'y ikakasal na sa nobyo niyang Canadian na Flight Attendant din.

"Naaawa lang ako sa tatay ko. Gusto niya pala akong mag-aral para sana kahit papaano'y may maipagmalaki rin siya sa mga kumpare niya na nakapag-patapos ng mga anak nila.

# Lupin

Ni Gwapo

Natutulog ako sa tabi ni
binibini
Kamay koy gumalaw at walang
atubili
Dahan-dahang dumadampi
Sa shorts na maiksi
Tibok ng aking puso'y
bumibilis
Direksyon ng kama'y wag
mapalabis
Ayun at pumasok na sa butas
Napapikit at napasambit ng
sa wakas
Hinugot, nilukot at nilabas
Isanglibo nilagay sa
pantalong tastas



"VIctoria…Victoria…Victoria…" sambit ng isang malalim na boses.

Nagising si Victoria at tumamamabad sa kanya ang isang malaking lalaki na puno ng itim na kaliskis ang katawan. Ang mga paa'y nakalutang sa hangin, at may kulay kahel na likidong pumapatak sa sahig mula sa katawan ng lalaki . Pula ang mag bibig nito at may mga malalaking sungay mula kanyang mga braso hanggang kanyang noo. Nababalutan lang siya ng isang maliit na itim na tela. Ang mga mata nito'y nanlilisik. Habang sa paligid ay naglalakihang mga ahas na pumapalibot  kay Victoria. Napakadilim nang buong paligid.

"Ako ang diyos mo. Ako ang lumikha sa'yo. Halika na't ipapasiyal kita sa paraisong nilikha ko para sa'yo. Doon ang tunay mong tirahan. Doon ay tatawagin kang Victoria Putrgatoryo. Doon ay isa kang makapngyarihang diwata! Bwahahahaha"

"Pu** ka! Hindi! Hindi! Umalis ka dito!" sigaw ng galit na galit na si Victoria Victoria.

"Bwahahahah! Halika na sa tunay mong tahanan Victoria Purgatoryo!

Biglang naging isang malusog at mabangis na itim na tigreng naglalaway ang lalaki na handa nang lapain si Victoria kasama ng mga ahas na nagkalat na sa buong bahay. Hindi natakot si Victoria. Kinuha niya ang baril sa kanyang bag at saka ipinutok ito ng sunod-suonod sa ulo ng tigre.

Bumagsak ang tigre sa sahig at naglaho ang mga ahas. Naglaho rin ang dilim at bumalik ang liwanag habang tinututok pa rin ni Victoria ang baril sa kanyang harapan.

Nanginig si Victoria. Napaupo na lamang siya sa sahig nang makita niya ang nakahandusay na si Mang Kiko, tadtad ng tama ng baril, hindi na humihinga pa.

# BILANGAN

NI Unggoy

"Oh andiyan na pala ang una't pangalawa
kasama si pangatlo"

"Dumating na rin kanina sina pang-apat,
pang-lima, at pang-anim"

"Sabi ni Pang-pito'y darating din sina
pang-walo, pang-siyam at pang-sampu"

"Baka bukas na rin makadadalaw si
panlabing-isa na nagbabantay sa
panlabing dalawa at panlabing-tatlo"


"Ungak ungak!" iyak ng bagong silang
na sanggol

"Tama na bunso, andiyan na ang mga
nakatatanda mong kapatid!"


Disney PIXAR

# KABANATA VI





# " ANAK MASAYA KA BA NG PINILI MONG MAGING BABAE? "

*(Camiling, Tarlac)*

“Alam mo anak, nakita kong araw-araw nagsisisi ang papa mo. Gustong-gusto niyang hanapin ka sa Maynila. Eh kung kaya lang namin magbiyaheng dalawa eh dinalaw ka na namin doon.” paliwanag nito habang hinahaplos ang likod ni Victoria.

“Mahal na mahal ka niya anak kahit ‘di niya naiparamdam ‘yun sa’yo noon.” Hindi na umiimik si Victoria. Hindi niya alam ang sasabihin. May nais siyang aminin ngunit may mga bulong na pumipigil sa kanya.

“Sana mahuli na ‘yung hayop na bumaril sa sa papa mo. Bahala na ang Diyos sa kanya kung sino man siya. Siguro’y sinusunog na sa impyerno ang kanyang kaluluwa. Gustong-gusto pa ng papa mo na bumawi sa mga pagkukulang niya sa’yo pero napaka-walang-puso ng bumaril sa kanya, na para bang may malalim itong galit.”

“Alam mo ba bago siya binaril, pinuntahan niya pa sa palengke ‘yung mga nagtitinda ng diyaryo. Pinakyaw niya lahat ng kopya na nagsasabing mamamatay-tao ka raw. Sinunog niya lahat iyon.”

Kahit usap-usapan ka na rito eh hindi siya nagpaapekto. Sabi niya ‘di siya naniniwalang ikaw ‘yung napapabalitang most wanted kasi ibang-iba ang hitsura mo doon. Hitsurang lalaki ka pa kasi noong naglayas ka kaya nakikipag-away pa siya ‘pag naririnig niyang pinag-uusapan kang mga kapit -bahay. Ako rin, alam ko namang hindi mo magagawa ‘yun kaya kahit pati ngayong alam ko na na larawan mo talaga ‘yung mga nasa diyaryo, ‘di pa rin ako nainiwalang mamatay-tao ka.” tahimik lang si Victoria. Tila ba naputulan na ito nang dila at hindi na nakagagalaw.

“Pa’no ma kung mamamtay-tao nga ako? Pa’no kung ako pala bumaril kay papa?” tugon ni Victoria na biglang lumingon sa ina nang may nagdadalamhating mga mata.

Ika nga nila, kung nakapagsasalita lang sana ang mga lugar, siguro'y marami silang maikukuwento tungkol sa nakaraan. Tulad na lamang ng apat na sulok ng silid ni Victoria na sumaksi sa mga naging pasakit na pinagdaanan niya magmula noong bata pa ito, kahit na noo'y pati siya ay hindi rin niya naiintidihan ang sarili niyang kondisyon at ang sarili niyang katawan.

Hindi mabilang ang mga araw na umuwi siyang umiiyak dahil sa mga pangungutiya ng mga kapit-bahay at mga kaklase niya. Walang makapaglalarawan ng kanyang mukha sa tuwing pinagagalitan siya ni Mang Kiko 'pag nahuhuli siya nitong kumekembot at nakikipaglaro sa mga kababatang niyang babae. Halos walang gabing hindi siya umiyak.

Nakaupo si Victoria sa kupas na niyang kama. Tumitingala sa kisameng kahit papaano nama'y walang kasapot-sapot, halatang may naglilinis noong mga panahong wala siya. Napansin niyang bago lang din ang ilaw, pero wala nang bentelador na naksabit sa taas.

"Si papa mo nagtanggal niyang bentelador kasi papalitan raw sana niya." napalingon si Victoria sa inang nakatayo sa pintuan.

"Pati 'yang ilaw siya ang nagpapalit niyan, lagi-lagi. Pinagagalitan ko nga minsan 'yun kasi kahit hindi naman sira 'yang ilaw ay pinapalitan niya." Humakbang papalapit kay Victoria si Aling Pinang na hinahaplos ng kanang kamay ang nakaunat na kaliwang braso.

"Siya rin laging naglilinis dito kapag 'di siya nirarayuma. Ganun siya kasabik makita anak! Ganun ka niya kagustong makabalik dito." tinabihan niya si Victoria sa kama nang nakaharap ang mga tuhod nito sa anak, sabay hawak sa mga kamay nito.

"Noong sinabi niya sa'min ng kinunsulta naming doktor na abnormal raw ang kalagayan mo, natakot kami. 'Yung doktor na rin na 'yun ang nagsabing kami na ang pipili ng gusto naming kasarian, babae ba o lalaki, at pag nagkapera na raw kami ipapatanggal na lang daw natin ang sobrang ari mo sa ibang bansa. Eh mapilit ang papa mo kaya pumayag na lang din ako na maging lalaki ka na."

"Pero noong bata ka pa lang nakikita ko na kung gaano ka nahihirapang magpakalalaki. Hanggang sa lumalaki ka, lumiliit naman nang lumiliit ang mudo mo. Mas dumarami ang nakakakita sa'yo, na hinusgahan at kinutya ka kasi akala nila bakla ka. "

"Naaalala mo pa ba anak 'yung mga panahon nagtatanong ka sakin kung bakit lumalaki dibdib mo? Bakit may ari ka ng babae at lalaki? Bakit hindi ka nireregla kung babae ka man? Bakit hindi ka namin pinatuli kung lalaki ka man? At bakit humahanga ka sa kapwa mo lalaki at ganun din sa babae? Hindi ko alam ang mga isasagot ko noon, pero ngayon isa lang ang napagtanto ko. Hindi kagustuhan namin ang masusunod, kundi ang kagustuhan mismo ng katawan mo. At 'yan anak, ang pagiging babae, ang nais ng katawan mo"

"Tanggap na tanggap ka namin anak. Ako na ang humihingi ng paumanhin para sa papa kasi nahirapan siyang tanggapin ka, pero alam ko tanggap na tanggap na tanggap ka niya."

"Kalimutan mo na lahat ng panghuhusga sa'yo ng mga kapit-bahay natin at mga kaklase mo noon. At sana'y kalimutan mo na rin ang mga panahong binubogbog at minamaltrato ka ng papa mo sa tuwing umaasta kang parang babae."

"Tumigil ka nga diyan *Victor!* Hindi magandang biro 'yan! Hindi ko inisip 'yan anak kasi higit sa lahat, ako ang mas nakakikilala sa'yo! Alam kong masama loob mo na tinago kita noong burol ng papa mo, pero 'wag mo namang gagawing biro 'yan. Ginawa ko 'yun para sa sarili mong kaligtasan, para hindi ka makita ng mga kapit-bahay na walang ibang ginawa kundi ang itsismis ka"

"Alam kong malaki ang maitutulong mo sa kaso dahil sabi mo nga'y may nakita kang lalaking lumabas nang bahay bago ka bumaba sa traysikel. Pero alam kong ayaw mo pang mapag-usapan ang mga ito kaya 'di muna kita guguluhin" nagpunas ng luha si Aling Pinang na noo'y mangiyak-ngiyak na, saka tumayo at binuksan ang aparador ni Victoria.

"Oh anak ito 'yung mga brief mo nung kolehiyo ka pa. Itatapon ko na sana noon kaso ayaw ng papa mo. Oh ano ngayon, sino pang magsusuot niyan eh babaeng-babae ka nang tingnan. Itatapon ko na ba?" malamyang tumango si Victoria na halatang malalim ang iniisip.

"Anak masaya ka ba'ng pinili mong maging babae? Kasi ako masaya ako para sa'yo, at alam ko na pati ang papa mo!" iniabot ni Aling Pinang kamay sa anak: "Halika nga rito anak at yayakapin kita nang mahigpit para maramdaman mo'ng tanggap kita."

"Angtagal naming hinintay noon ng papa mo na mag-kaanak kaya nang mabuntis ako, hindi namin alam kung paano namin Siya pasasalamatan. Biyaya ka sa'min anak. Pero noong naiiluwal na kita, nagtampo ako sa Diyos kasi bakit ikaw pa ang binigyan niya ng ganyang kalagayan."

“Tanggap kita kahit ano pa’ng itawag nila sa kalagayan mo. Hermaphrodism. Intersex. Abnormalidad. Wala akong pakialam kasi anak kita at isa kang mahalagang biyaya na nanggaling sa Maykapal,”

“At ngayon anak ay binibigyan kita ng basbas sa ngalan ng papa mo, para sa iyong kalayaan, para sa ikasasaya mo. Tinatanggap na kitang bilang Victoria, pero pagpasensyahan mo ako kung baka minsa’y Victor pa rin ang maitawag ko sa’yo”

Niyakap ni aling Pinang si Victoria na para bang nais nitong putulin ang paghinga ng anak. Gumanti naman si Victoria ng isa ring mahigpit na yapos. Hanggang sa ang balisa pa ring si Victoria ay muling nakapagsalita: “Tulungan mo ako ma na magtago sa pulis, wala po akong mga pinapatay ma! Pero hinuli nila ako”.

Samantala, si Mang Kanor, ang laging kainuman ni Mang Kiko na siya ring sumaklolo sa kanya nang binaril ito, ay mabilis na naglalakad kasama ang apat na mga pulis. Papunta sila sa bahay nina Victoria. Ang buong baranggay ay nakasunod sa kanila: “Ser ‘yan po ang bahay nila, nariyan po ‘yung anak niya. Siguradong-sigurado ako Ser, na ‘yung baklang anak niya ‘yung nakatulalang naabutan ko sa loob nang binuhat ko si Mang Kiko na duguan.” ang sabi nitong si Kanor sa mga pulis.

Di na sinamahan pa ni Kanor ang mga pulis. Tumambay na lamang siya sa kanto, habang ang mga maiingay na residente’y nakikisyso na. Pinanuod lang ni Kanor ang mag pulis naglakad papunta at kumakatok sa pintuan ng bahay nina Victoria. Hindi siya mapakali, hanggang sa walang anu-ano’y nakita niyang pinasok ng mga pulis ang bahay. Hanggang sa nakita niya rin si Victoriang tumalon mula sa bintana.

"Noong sinabi niya sa'min ng kinunsulta naming doktor na abnormal raw ang kalagayan mo, natakot kami. 'Yung doktor na rin na 'yun ang nagsabing kami na ang pipili ng gusto naming kasarian, babae ba o lalaki, at pag nagkapera na raw kami ipapatanggal na lang daw natin ang sobrang ari mo sa ibang bansa. Eh mapilit ang papa mo kaya pumayag na lang din ako na maging lalaki ka na."

"Pero noong bata ka pa lang nakikita ko na kung gaano ka nahihirapang magpakalalaki. Hanggang sa lumalaki ka, lumiliit naman nang lumiliit ang mudo mo. Mas dumarami ang nakakakita sa'yo, na hinusgahan at kinutya ka kasi akala nila bakla ka. "

"Naaalala mo pa ba anak 'yung mga panahon nagtatanong ka sakin kung bakit lumalaki dibdib mo? Bakit may ari ka ng babae at lalaki? Bakit hindi ka nireregla kung babae ka man? Bakit hindi ka namin pinatuli kung lalaki ka man? At bakit humahanga ka sa kapwa mo lalaki at ganun din sa babae? Hindi ko alam ang mga isasagot ko noon, pero ngayon isa lang ang napagtanto ko. Hindi kagustuhan namin ang masusunod, kundi ang kagustuhan mismo ng katawan mo. At 'yan anak, ang pagiging babae, ang nais ng katawan mo"

"Tanggap na tanggap ka namin anak. Ako na ang humihingi ng paumanhin para sa papa kasi nahirapan siyang tanggapin ka, pero alam ko tanggap na tanggap na tanggap ka niya."

"Kalimutan mo na lahat ng panghuhusga sa'yo ng mga kapit-bahay natin at mga kaklase mo noon. At sana'y kalimutan mo na rin ang mga panahong binubogbog at minamaltrato ka ng papa mo sa tuwing umaasta kang parang babae."

**************BAK TO PRESENT**************

Iniahon ng mga pulis ang bangkay ni Victoria mula sa ilog. Ang kanina'y duguang katawan ni Victoria ay malinis na dahil sa sa pagkahulog niya sa tubig.

Sa gilid ay inaalalayan ni Aling Dory ang humahagulgol pa ring si Aling Pinang. Inaabutan niya ito ng tubig ngunit hindi siya pinapansin nito.

Maya-maya pa'y lumapit ang isang pulis kay Aling Pinang: "Ah misis, heto po sumbrero ng anak niyo. Gusto lang din po namin ipakita sa inyo ang ilang sachet ng shabu na nakuha namin sa bulsa niya. "

Nawala si Victoria sa paningin niya nang sumuot ito sa mga eskinita. Nagkagulo na ang paligid. Nagsisigawan na ang mga tao. Dumating na rin ang mga tanod at iba pang mga pulis. Hanggang sa may mga sunod-sunod na putok ng baril na narinig.

Halatang kabado si Kanor dahil sa mga nangyayari, namumula rin siya at pawisan. Niyuyugyog niya ang mga binti habang nakaupo't pinapanuod ang mga nangyayari. Nang mapansin niyang bumaba ng bahay ang umiiyak na si Aling Pinang, na tumatakabo at sumunod sa mga pulis, ay lalo siyang kinabahan. Para bang may pagsisisi sa kanyang mga galaw. Nang mapansing niyang sumunod na halos lahat ng residente sa mga pulis na humabol kay Victoria ay agad na rin itong tumayo at tumakbo upang sumunod.

Pagkarating niya sa dulo ng eskinita'y siksikan na ang mga tao na nag-uusap usap: "Ay buti naman sa kanya yan!",

"Nakakatakot 'yung mga ginawa niya, baka pa gawin niya dito 'yan mahirap na", bulungan ng mga tao na parang mga bubuyog kung magsalita.

Nakita ni Mang Kanor si Aling Pinang na umiiyak at inaawat ng mga pulis na si Aling Pinang. Sa taas ng pader ay nakatayo ay si Victoria na duguan na ngunit pinipilit pa ring tumayo."



Jhun jhun Agustin *Editor-in-Cheif* | Yael Lucasan *Associate Editor* | Mark Timothy Mina, Eden Rose Antonio *Managing Editors* | Elisamie Galleto *News Editor* | Christine Ibarra *Devcomm Editor* | Maria Arnita Thresia Pastor *Feature Editor* | Jizabeth Briones *Literary Editor* | JC Rick Perlas *Sports Editor* | Marc Justin Cutamora *Graphic Editor* | Gabriel Vincent Abarra *Lay-out Artist* | Colleen Joy Seril *Photojournalist* | Daniel Buduan, Marjorie Tomas, Rustom Lambanicio, Florian Honrubia, Karla Mae Tomas, Camille Tamondong, Paolo Limos, Daisyreen Castro *Staff* | Faith Santos , Dr. Lordy Plaza *Advisers.*

Ang Hermaphrodism, sa larangan ng anatomiya, ay tumutukoy sa isang kondisyon ng mga organismong nabubuhay na nagtataglay ng mga katangaiang biyolohikal ng babae at lalaki. Ang isa sa pinakakilalang kalagayan ng mga may ganitong kondisyon ay ang pagkakaroon nila ng dalawang ari, ari ng babae at ng lalaki.

Ang kondisyong ito ay nangyayari sa mga halaman, hayop, kuhol, tao at iba pang mga nabubuhay na organismo, resulta mga genetikal na abnormalidad ng mga pinagmulan nito. Ang kasarian ng isang hemaphrodite ay nakadepende pa rin sa kung aling katangian ang mas nagiging dominante sa loob ng kanyang katawan, ang pagiging babae ba, o ang pagiging lalaki.

Noong nakaraang siglo, pinayuhan ng mga propesor ng Biology and Gender Studies ang publiko sa buong mundo, na iwasan ang paggamit ng terminolohiyang hermaphrodite sa mga pagkakataong tao ang pinag-uusapan. Kaya ngayon, tinatawag nang "interseks" ang kondisyong ito sa tao.

Kung tutuusin, ang isang taong may kondisyong intersks ay may pagkakataong mamili ng kanyang kasarian, ngunit hindi iyan ang katotohanan dahil sa huli ay ang dinidikta pa rin ng kanyang katawan ang susundin nito.

Ayon sa mga datos, isa sa bawat 1,500 na isinisilang ay may ganitong kondisyon. Ito ay tugma sa naitalang 1.7% ng poulasyon ng mundo na naghihirap sa mga ganitong kaso.

Ayon rin sa pag-aaral ng mga dalubhasa, ang mga Hermaphrodite o intersekswal ay maaari pa ring magbuntis o manganak hangga't sapat ang kakayahan ng kanilang katawan, ngunit karamihan sa kanila ay wala talagang pag-asang magbuntis.

Sa katunayan, nakapagtala ang Estados Unidos noong 2009 ng 11 interseks na nabuntis, at na lahat ng kanilang ipinagbuntis ay pare-parehong mga lalaki na ayon sa mga sumuri ay hindi nagkataon lamang. Ibig sabihin, malaki ang posibilidad na ang mga magiging anak ng isang intersekswal ay mga lalaki.

Binuo ng Golden Harvest Bin-i ang akalat pampanitikang ito upang buksan ang isipan ng karamihan tungkol sa usaping ito. Kailangang malaman ng lahat na sa mundong ito ay may mga taong nabubuhay sa naiiba at hindi normal.

Kami ay nakikiisa sa pagpuksa ng diskriminasyon at kawalan ng kaalaman ukol dito, upang kahit papaano'y maipramdaman sa mga Interseks na may lugar para sa kanila sa loob ng mapanghusgang lipunan.

Huwag nating hahayaang makita nila ang kanilang pagiging iba. Huwag natin hayaang umabot pa sila sa pagiging si Victoria Purgatoryo.



# VICTORIA PURGATORYO

Golden Harvest bin-iProduction SY 2019-2020